# MANDATORYONG PAUNAWA NG KARAPATAN NG BIKTIMA SA IMPORMASYON TUNGKOL SA PAGSUSURI NG EBIDENSYA NG SEKSWAL NA PAG-ASULTO*

Ikaw ay pumayag sa pagsusuri ng ebidensya ng sekswal na pag-asulto na nakalap sa iyong kaso.

Ang ahensyang ito ng alagad ng batas ay dapat magbigay sa iyo ng sumusunod na impormasyon hinggil sa pagsusuri ng ebidensya, kapag iyong hiniling. Maaari kang magtalaga ng ibang tao na tatanggap ng impormasyong ito para sa iyo.

<u>Ikaw ay may karapatan sa sumusunod na impormasyon:</u>

1. Petsa kung kailan ipinadala ang ebidensya ng sekswal na pag-asulto sa isang Illinois State Police Crime Laboratory o iba pang angkop na laboratoryo na itinalaga ng ahensyang ito. Kung hihilingin mo ang impormasyong ito, dapat itong ibigay sa iyo sa loob ng pitong (7) araw mula nang mailipat ng ahensyang ito ng alagad ng batas ang ebidensya sa isang laboratoryo.

2. Mga resulta ng pagsusuri na ibinigay ng laboratoryo sa ahensyang ito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
   - Mga resulta ng DNA test, at
   - kung may anumang gamot/droga na natuklasan sa sample ng ihi o dugo at impormasyon tungkol sa anumang gamot/droga na natuklasan.

   Kung hihilingin mo ang impormasyong ito, dapat itong ibigay sa iyo sa loob ng pitong (7) araw matapos matanggap ng ahensyang ito ng alagad ng batas ang mga resulta mula sa laboratoryo.

<u>Paghingi ng Impormasyon</u>

Maaari kang magsumite ng kahilingan para sa impormasyong ito ngayon o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ahensyang ito ng alagad ng batas sa adres o numero ng telepono sa ibaba, sa ibang araw.

| Ahensya ng Alagad ng Batas | |
|---|---|
| Adres | |
| Numero ng Telepono | Email (kung mayroon) |
| Numero ng Ulat | |

* Ang pormularyong ito ay dapat ibigay ng isang opisyal ng alagad ng batas sa biktima na lumagda ng pormularyo ng pahintulot upang suriin ang ebidensya sa ospital, sa ospital man o sa follow-up na panayam ng imbestigador. Dapat ding ibigay ang pormularyong ito sa biktima na lumagda ng pormularyo ng pahintulot upang suriin ang ebidensya ng sekswal na pag-asulto sa ahensya ng alagad ng batas o sa tulong ng isang rape crisis advocate alinsunod sa 725 ILCS 203/35(c).

Ikaw o ang iyong itinalaga ay dapat magbigay-alam sa ahensya ng alagad ng batas hinggil sa pangalan, tirahan, numero ng telepono, at email address ng taong dapat pagbigyan ng impormasyon, pati na rin ang anumang pagbabago sa impormasyong iyon.

* Ang pormularyong ito ay dapat ibigay ng isang opisyal ng alagad ng batas sa biktima na lumagda ng pormularyo ng pahintulot upang suriin ang ebidensya sa ospital, sa ospital man o sa follow-up na panayam ng imbestigador. Dapat ding ibigay ang pormularyong ito sa biktima na lumagda ng pormularyo ng pahintulot upang suriin ang ebidensya ng sekswal na pag-asulto sa ahensya ng alagad ng batas o sa tulong ng isang rape crisis advocate alinsunod sa 725 ILCS 203/35(c).